



## Ano ang Panlilinlang at Pag-aabuso sa Medicare?

### Mga Tip sa Pagprotekta sa Iyong Sarili at Medicare

**Ang Panlilinlang sa Medicare** ay nagaganap kapag ang isang tao o kompanya ay sadyang niloloko ang Medicare. **Sadya** nila itong ginagawa para makatanggap ng hindi wastong bayad mula sa programa.

**Ang Pang-aabuso sa Medicare** ay nagaganap kapag ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay naghahangad ng bayad mula sa Medicare na hindi nararapat para sa kanila pero **hindi** nila ito sadyang alam o kusang ginawa. Ang pang-aabuso ay maaari ring saklawin ang mga hindi wastong medikal na pamamalakad.

### Ano ang kaibahan?

Ang pangunahing kaibahan ng panlilinlang at pang-aabuso ay **layunin** – ginawa ba nila ito ng sadya o hindi? Ang mga awtoridad lamang ang maaaring makasagot sa tanong na iyan. Panlilinlang man o pang-aabuso, nag-aaksaya pa rin ito ng bilyon-bilyong dolyar kada taon. Kailangan itong ma-iulat.

### Mga Halimbawa ng Panlilinlang at Pang-aabuso

- ✓ Angpagsingil sa mga serbisyo, supply, o kagamitan na hindi naibigay
- ✓ Ang pagtawag sa mga beneficiary ng Medicare at pagtatanong ng numero ng kanilang Medicare, na sinasabing kailangan ito para makakuha ng bagong Medicare kard o para mapanatili ang kanilang mga benepisyo sa Medicare
- ✓ Angpagsubok na kumuha ng numero ng Medicare bilang kapalit ng mga "libreng" serbisyo
- ✓ Angpagsingil sa mga serbisyo na iba kaysa sa naibigay na (para makakuha ng mas mataas na bayad)
- ✓ Ang pagsingil sa mga hindi kinakailangan na serbisyo o supply sa pangagamot
- ✓ Ang pagsingil sa sobrang serbisyong medikal o supply

### Ang Panlilinlang at Pang-aabuso sa Medicare ay NakaNakakaapekto sa Lahat

Nawawalan ang Medicare ng bilyon-bilyongdolyardahil sa maling pagkuha ng mga claim bawat taon. Ito ay nakakaapekto sa lahat dahil sa pag-aaksaya ng bilyon-bilyong dolyar ng mga nagbabayad ng buwis. salto rin ay nakakaapekto sa **IYO**. Ang maling impormasyon ay maaaring makita sa iyong mga medikal na rekord, na magrerresulta sa hindi tamang medikal na pag-aalaga paglaon. Ikaw ay maaaring tanggihan ng mga serbisyo na kailangan mo at nararapat para sa yo.

# Tumulong sa Pagsugpo sa Panlilinlang sa Medicare

## GAWIN ANG:

- Magtanong. Ikaw ay may karapatang alamin ang lahat ng mga bagay tungkol sa iyong pag-aalaga, kasama na ang halaga ng mga ito.
- Magtabi ng tala ng mga petsa kung kailan natanggap ang serbisyo ng Medicare. Ang paggamit ng iyong **Personal Health Care Journal** (mayroong makukuha sa inyong SMP) ay isang tamang paraan na gawin ito.
- I-ulat ang mga kahinahinalang kaganapan ng panlilinlang, gaya ng sa inyong lokal na SMP.
- Basahing muli ang iyong Medicare Summary Notice (MSN) o Explanation of Benefits (EOB).
  - ✓ Natanggap mo ba ang serbisyo o produkto?
  - ✓ Inutos ba ng iyong doktor ang serbisyo o produktong ito?
  - ✓ Ikaw ba ay siningil para sa serbisyo o produkto ng maraming beses kaysa sa pagtanggap mo dito?
  - ✓ Ang mga serbisyo ba na nasa iyong statement ba ay may kaugnayan sa iyong kondisyon?

## HINDI DAPAT GAWIN:

- Huwag ibigay ang numero ng iyong Medicare sa sinumang magtanong nito. Ang iyong doktor lamang o ang iyong iba pang mga tagapagbigay ng serbisyo sa Medicare angdapat mangailangan nito.
- Huwag ibigay ang numero ng iyong Medicare sa mga tumatawag sa telepono o sa mga solicitor na door-to-door na
- Huwag tumanggap ng "libreng" serbisyong medikal bilang kapalit ng numero ng iyong Medicare o Social Security.

## Paano Makakatulong ang Iyong Senior Medicare Patrol (SMP)

Ang iyong lokal na SMP ay handangmagbigayng impormasyon na iyong kakailanganin para **PROTEKTAHAN** ang iyong sarili mula sa kamalian, panlilinlang, at pang-aabuso ng Medicare; **MATUKLASAN** ang posibleng kamalian, panlilinlang, at pang-aabuso; at **I-ULAT** ang yong mga pagkabahala. Ang mga SMP at ang kanilang mga sanay na boluntaryo ay makakatulong na turuan at bigyang kapangyarihan ang mga senior sa pakikipaglaban sa panlilinlang sa pangangalagang pangkalusugan. Ang inyong SMP ay makakatulong sa inyo sa mga katanungan, ikinababahala, o reklamo ninyo tungkol sa posibleng panlilinlang at mga isyu ng pag-aabuso. Nagkakaloob rin ito ng impormasyon at nagtuturong pagtatanghal.

**Para matagpuan ang inyong Senior Medicare Patrol (SMP) sa estado:  
Bumisita sa [www.smpresource.org](http://www.smpresource.org) o tumawag sa 1-877-808-2468.**